

1

“Shanice, pasensya na hindi ko masagot ‘yung tawag mo, kailangan ko kasing abangan at interview-hin ‘yung mga parating na artista kanina,” paliwanag ng twenty-five-year-old entertainment news reporter na si Dana Gonzales nang tawagan niya ang kaibigan sa cellphone habang naglalakad patungo sa comfort room sa loob ng *PICC*, kung saan ginaganap ang film awards ceremony na ikino-cover niya para sa pinagtatrabahuhang network. “Bakit ka nga pala tumatawag?”

“Girl, may scoop ako sa’yo!” di-magkamayaw sa excitement na bungad ng bading na entertainment news writer mula sa sa kabilang linya.

“O sino bang artista ‘yan? Sigurado ka ba sa source mo? Baka mapahamak tayo niyan,” balik niya habang binubuksan ang pinto ng C.R.

“Walang artistang involved rito dahil tungkol sa’yo ang scoop!” pagi-inform ng kaibigan. “Nagkaroon ng meeting kanina ang mga bosses natin and guess what, isa ka sa mga

ikino-consider para mag-host ng bagong entertainment news show na balak nilang i-launch later this month!”

“Oh, my God, is that true?” hindi-makapaniwalang bulalas ni Dana na college days pa lamang sa *St. Paul Manila* ay pinangarap nang magkaroon ng sariling entertainment news show.

“Yes, true ito, girl! Nakuha ko ‘to from Ria, ‘yung secretary ng ating COO, isinama kasi siya sa meeting kanina kaya narinig niya mismo itong info na ibinibigay ko sa’yo,” paliwanag pa ni Shanice na kasabayan niyang pumasok sa *GTV Network* three years ago.

“Sino daw ba ang iba pa nilang ikino-consider bukod sa akin?”

“Hindi nabanggit ni Ria but whoever she is, huwag mo na siyang isipin dahil sigurado namang sa’yo mapupunta ang show. Wala na namang mas gagaling pa sa’yo!”

“Friend nga talaga kita,” ang natutuwa niyang nasabi sa suporta nito. “Kelan daw ba ia-announce ang napili nila? I just can’t wait. Pakiramdam ko hindi ako makakatulog nito

mamayang gabi!”

“Hindi nasabi ni Ria, eh. Baka one of these days,” sagot nito. “Basta relax ka lang d’yan, girl. For sure you’ll get it.”

The last time na nakaramdam ng ganoon klaseng pananabik si Dana ay nang malaman niyang isa siya sa mga ikinokonsidera bilang entertainment news anchor para sa evening news. Ngayon ay tila nauulit na naman ang lahat pero ang malaking katanungan ay papalarin kaya ulit siya para makuha ang pinakaaasam-asam?

“Hi, Tita Dana!” sabik na pagsalubong ng siyam na taong gulang na pamangkin niya na si Meg nang pagbuksan siya nito ng pinto sa kanilang tahanan. It was a Sunday afternoon and she decided to pay a visit to her one and only sister, Amy and to her family.

“Hi, Meg, where’s your mom?” malambing niyang tanong matapos siya nitong halikan sa pisngi.

“She’s in the kitchen,” tugon nito habang nakahawak sa kanyang kamay at dinadala siya

patungo sa direksyon ng ina nito.

Along the way ay nadaanan nila ang bunso ng kanyang ate na si Kier na limang taong gulang naman. “Hello Tita Dana!” bati sa kanya nito na tumayo mula sa pagkakaupo sa sahig kung saan ito naglalaro ng kotse-kotsehan.

“Hello, Kier!” malambing din niyang bati sabay hingi ng halik dito sa kanyang pisngi.

“Bakit hindi ka man lang nagsabi na pupunta ka? I should have prepared something special,” bungad ng kanyang ate na kalalabas lang mula sa kusina at nakasuot pa ng apron nito.

“Oh don’t bother anymore, Ate, I’m fine with whatever you have,” panigurado niya matapos itong ibeso-beso.

Kahit sampung taon ang kanilang pagitan, malapit sa isa’t isa ang magkapatid lalo na at sila na lamang ang natitirang magkapamilya sa mundo. Nine years old pa lamang si Dana nang pumanaw ang kanilang ama dahil sa sakit sa puso, samantalang ang kanilang ina naman ay sumuko na rin sa sakit na cancer of the colon limang taon na ang nakakaraan. Losing both of their parents brought them closer. Naging

sandalan nila ang isa't isa as they dealt with their pain. At ngayon, kahit pa nag-asawa na si Amy, hindi pa rin nawawala ang kanilang pagiging malapit, they still consider each other as best friends.

“Naku, don't tell me diet ka na naman, ang payat-payat mo na!” puna ng kapatid habang sinasamahan niya ito patungo sa kusina.

Kung titingnan ay di-mapagkakamalang magkapatid ang dalawa dahil malayo ang kanilang itsura sa isa't isa. Amy took after their father na matangkad, athletic ang built, big-boned, morena at sharp ang features ng mukha, habang si Dana naman ay nagmana sa kanilang ina na petite ang frame, very slim, maamo ang mukha at mala-porselana ang kutis. She had this image of a fragile china doll which never fails to attract attention kahit saan man siya magpunta.

“Mahirap kasi nadadagdagan ng ten pounds kapag nasa TV,” paliwanag niya.

“Speaking of TV, nakita ko kagabi ‘yung na-cover mong film awards. You were so beautiful! Talo mo pa nga ‘yung mga artistang ini-interview mo eh,” komento ni Amy habang

dinadala ang nilutong mechado sa dining table.

“Sobra ka naman, Ate,” nahiyang nasabi ni Dana na naco-conscious pa rin kapag naco-compliment.

“Kelan ka ba nila ita-transfer sa News? Nasasayang lang ang talino mo d’yan sa Entertainment Division, eh,” diretsahang sabi ni Amy matapos paupuin ang mga anak sa tabi nito sa dining table.

“Yuck! Ayoko nga sa News Division. It’s so boring!” ang naparolyo ang matang sagot ni Dana habang naglalagay ng kakarampot na kanin sa kanyang plato. “You know naman that I love doing light news, it’s my forte,” diin niya. “By the way, may nagbalita sa akin na isa raw ako sa mga ikino-consider para mag-host ng bagong entertainment news show. Hindi na nga ako matahimik, I can’t wait for their announcement!”

Isang college professor si Amy kaya may pagkaseryoso at intellectual growth ang hanap, hindi tulad ng kapatid na mas fun-loving at carefree ang pag-uugali. She’s more interested in fashion, beauty, and celebrities kaya naman ganoon na lamang siya kasaya sa trabaho.

Gayunpaman, nirerespeto pa rin ni Amy ang kanilang pagkakaiba at hindi naman ipinipilit ang mga paniniwala sa kanya.

“Dahil ‘yan ang gusto mo, masaya ako para sa’yo and I really hope you’ll get that job,” sinserong sabi ng kausap habang pinipisil ang kanyang kamay.

Naputol ang usapan ng magkapatid nang biglang dumating ang asawa ni Amy na si Sam mula sa paggo-golf nito. “O nandito ka pala, Dana, nasaan na si Iggy?” tukoy nito sa fiancé niya habang papaupo sa kabisera ng pahabang dining table.

“Nasa bar niya, may pinaghahandaan kasing event mamayang gabi,” paliwanag niya. Mayari ng isang sikat na bar sa Libis ang kanyang nobyo.

“Naku, isang buwan na lang pala ikakasal na kayo, ready na ba lahat? ‘Yung mga damit ninyong dalawa at ng entourage, wala na bang problema? ‘Yung reception at saka simbahan, okay na ba?’” tanong ni Amy na alam ang ugali ng kapatid na kulang sa organisasyon.

“Don’t worry, Ate, naayos na ‘yang lahat

ng wedding organizer kaya wala na akong dapat pang isipin,” relaxed na saad ng dalaga habang pakonti-konting sumusubo ng pagkain. “Speaking of wedding, hindi ba tomorrow na ang tenth wedding anniversary ninyo?” pagbi-bring up niya. “So how do you plan to celebrate it?”

“We’ll go to Tagaytay tomorrow, we’ll celebrate there,” ipinaalam ni Amy.

“Mommy, hindi ba kami puwede sama ni Ate sa Tagaytay?” umaasang tanong ni Kier.

“Baby, di ba I told you next time kasama na kayo ni Ate mo, but for tomorrow kami lang muna ni Daddy ang aalis...” paliwanag ni Amy sa anak.

“Don’t worry, baby, pag-uwi namin ni Mommy from Tagaytay, may baby brother or baby sister na kayo ni Ate mo,” pang-aamo ni Sam sa anak sabay pakita ng pilyong ngiti sa asawa.

Habang pinagmamasdan ni Dana ang masayang pamilya ng kanyang kapatid, she could not help but imagine her future happy family with Iggy.

I really can't wait to get married!

Okay this is it! Napahinga nang malalim si Dana habang papasok sa building ng *GTV Network* nang Lunes ng umagang iyon. Kahit hindi pa naman siya sigurado kung iyon na ba ang araw ng announcement ng magiging host ng inaasam niyang entertainment news show, still, hindi pa rin niya maiwasang manabik.

“O girl, iba yata ang kagandahan mo ngayon ha. Mukhang prepared na prepared ka nang tanggapin ang pinakaaasam mong hosting job!” puri ni Shanice nang magkasalubong sila on the way sa elevator.

“May balita ka ba kung ngayon na ang announcement?” anxious na tanong niya.

“Puwede... kasi ngayon raw ang dating ni Pierre Montenegro, ‘yung anak ng mayari nitong network. Baka isasabay na sa announcement niya bilang bagong News Team Leader ang tungkol sa magiging host ng bagong entertainment news show,” chika nito habang pinipindot ang number six sa loob ng elevator.

“Really?! Oh God, I’m dying of excitement

here!” bulong niya rito na hindi naman nais ipahalata sa mga katabi ang kanyang pananabik para sa trabaho.

“Naku, girl, ako rin I’m dying of excitement here! Ang sabi kasi nila, super guwapo raw nitong si Pierre Montenegro kaya I can’t wait to see him na,” balik ni Shanice na daig pa ang babae kung kiligin.

“Para namang may pag-asa ka dun. Mamaya kasing-suplado at yabang pa ng kapatid niyang si Sir Anthony ang Pierre na ‘yan!” pag-discourage niya rito habang papasok sila sa loob ng broadcasting area.

“Paano kung hindi? Mabait naman si Don Jaime, malay mo sa kanya nagmana ang anak niyang si Pierre!”

“Ewan ko and I don’t really care about him for I have my own concerns at this moment,” tahasang sabi ni Dana habang papaupo sa kanyang cubicle. Kabubukas pa lamang niya ng inbox sa kanyang email nang magsimulang magkaroon ng bahagyang komosyon sa kanyang paligid.

“Oh, my God, girl, Pierre Montenegro’s much

more than what I expected!” napatulalang nasabi ni Shanice habang nakatitig sa lalaking pinagmamasdan at pinagbubulungan ng mga kasamahan.

Naintriga na si Dana at napatingin na rin rito. Aminado siya that the man has the image that most girls dream of—tall, dark and handsome. But unlike her workmates, she was not at all impressed. Hindi kasi niya tipo ang mga lalaking may pagkaseryoso ang dating, na para bang wala itong alam kundi ang magtrabaho nang magtrabaho. She wants someone who is hip and fun just like the man she will marry—

Iggy.

“Akala ko guwapo lang siya, I never thought he looks so intellectual. Parang napakalalim niyang tao, di ba?” ang mas lalo pang tumitinding paghanga ni Shanice na nabitin pa sa pagtitig sa anak ng may-ari nang pumasok ito sa silid ng News Division Chief.

“Hindi ka ba nabo-bore sa itsura niya? Parang kakambal na yata ng mata niya ‘yung suot niyang eyeglasses, eh. And he looks so stiff! Paano, hindi na siguro makahinga sa higpit ng necktie niya!” pintas ni Dana.

“Sobra ka! Palibhasa hindi ka sanay sa mga lalaking pormal. ‘Yung mga kilala mo kasi parating maluluwag na t-shirt, shorts at *Havaianas* lang ang alam isuot. Akala mo parating nasa beach!” ganti nito.

Tinamaan naman si Dana. “Are you pertaining to my fiancé?!”

“O bakit? Ganoon ba ang image ni Iggy?” painosenteng balik ni Shanice.

“Kahit na mukhang beach bum magbihis ang fiance ko, he’s definitely not one. It’s just that sa ganoong outfit siya komportable. Alangan naman sigurong mag-suit siya tulad ng Pierre Montenegro na ‘yan sa tuwing pupunta siya sa bar niya, di ba?” pagtatanggol ni Dana sa nobyo. “And he’s hip and so much fun than that guy!”

“Just because professional ang dating ni Pierre, ibig sabihin na n’on he’s not fun. Hindi ba sabi nga nila ang mga tahimik, nasa loob ang kulo?” depensa ni Shanice sa lalaking hindi pa naman nito kilala.

“Hoy, para kayong mga tanga, tigilan n’yo na nga ‘yan!” singit ng isa pa nilang kaibigan

na si Eula na kanina pa naririnig ang kanilang pagbibidahan. “Mabuti pa, pumunta na tayo sa conference room at pinapa-gather na tayo roon.”

Dahil sa naging pagtatalo nila ni Shanice ay pansamantalang nawala sa isipan ni Dana ang tungkol sa announcement ng magiging host ng bagong entertainment news show. *Oh, my God, ito na yata, I’m just minutes away from achieving my dream!*

“Yuck, girl, basa ang kamay mo!” pagkuwa’y pandidiri ni Shanice nang mahawakan nito ang kanyang palad papasok sa conference room.

“Siyempre kinakabahan ako ‘no! I keep on telling myself not to keep my hopes too high but I can’t help it! Ikaw kasi, sinabi-sabi mo pa sa akin na kasama ako sa pinagpipilian, hindi tuloy ako matahimik!” paninisi niya habang pinupunasan ng panyo ang namamawis na kamay.

“Aba at ako pa ang may kasalanan ngayon? Ikaw na nga itong pinagmalasakitan!” di-makapaniwalang balik ni Shanice na pinandilatan siya.

Natigil ang simula na naman sana ng bangayan sa pagitan ng dalawa nang tumayo sa harapan ang Chief Operating Officer ng network na si Bessie Alcantara at sinabing magkakaroon ng changes sa kanilang istasyon magmula sa araw na iyon. Ipinakilala nito ang kanilang mga bagong shows, gayundin ang mga taong magiging bahagi niyon. Nang dumako sa bagong entertainment news show na may pamagat na *Entertainment Patrol*, halos pigil-hiningang naghintay si Dana sa anunsyo ng magiging host nito. But to her great disappointment, her name was not called, and instead a relative unknown Carrie Reyes was mentioned.

Tulad niya ay labis ding nadismaya si Shanice pero pinili nitong itago na lamang iyon at magpakita ng optimism para sa kapakanan ng kaibigan. “Okay lang ‘yan, girl, malay mo may iba pang entertainment news show silang balak ibigay sa’yo later on...”

Hindi na nakapagsalita si Dana na ang pakiramdam noong mga sandaling iyon ay aagos ang kanyang luha sa oras na ibuka niya ang bibig. Labis ang kanyang naging kabiguan dahil ang buong akala niya ay sa kanya na

mapupunta ang pinapangarap na trabaho pero hindi pala. Gustung-gusto na niyang pumunta ng comfort room para roon ibuhos ang sama ng loob kaso nagsasalita pa sa harapan ang COO.

“And lastly, I want to introduce to you President Jaime’s other son who will be our new News Team Leader, Mr. Pierre Montenegro...”

Sinalubong ng palakpakan ang pagpunta sa harapan ng binatang tila mailap sa atensyon. Despite the strong, professional appearance, he seemed ill at ease in front of many people lalo na nang banggitin pa ng COO ang mga accomplishments nito having graduated *summa cum laude* in Journalism from the prestigious *New York University*.

“See, tama nga ‘yung observation ko, he’s an intellectual!” bulong ni Shanice kay Dana habang binubusog ang mata sa pagsilay sa bagong heartthrob sa kanilang istasyon.

Hindi na kumontra pa si Dana na tila biglang tinakasan ng lakas. Sadyang hindi na siya makapaghintay na matapos ang gathering na iyon para makapag-isa na at makapagluksa sa kanyang kabiguan.

“...And with a new leader comes new members for the News Division and they are... Aldred Solis, Eula Echavez and Dana Gonzales...”

“Oh, my God Dana we’ll be in the News Division!” labis na natuwang sabi ni Eula na halos mapisil ang braso niya.

Pero hindi magawang makibahagi ni Dana sa kagalakan ng kaibigan. She just stood there, shocked and wondering how the hell she became a part of the News Division which she clearly detests.

“Kaya naman pala hindi ka napiling maging host ng *Entertainment Patrol*, sa News Division ka pala ilalagay. Ang suwerte mo naman you’ll get to work alongside Pierre!” naiinggit na saad ni Shanice na mananatili pa rin bilang writer sa Entertainment Division.

“Suwerte ba ‘to? This is a nightmare! You know that I’m not meant for news. It’s so boring!” maktol niya sabay halukipkip.

“Huwag ka ngang maingay d’yan, baka sabihin pa nila ingrata ka. You don’t know how to appreciate your blessing!” pabulong na sita

ni Eula sa kanya.

Itinikom na ni Dana ang bibig pero patuloy pa rin ang pagtutol ng kanyang puso. Masaklap na nga na hindi niya nakuha ang pinapangarap na hosting job sa *Entertainment Patrol*, ngayon, ilalagay pa siya sa News Division.

This cannot be! Hindi ako makakapayag!

“O, Dana, ikaw pala. Come in,” pagpapapasok sa kanya ng Entertainment Division Chief na si Elda Ariete nang kumatok siya at buksan ang pinto ng opisina nito. “Congratulations on your promotion, nasorpresa ka ba?” bungad nito sa kanya.

“Sobra po, Ma’am, I totally wasn’t expecting it...” balik niya.

“O bakit parang hindi ka yata masaya? Is there something wrong?” concerned na tanong nito nang makita ang lulugo-lugo niyang mukha.

“Yes, Ma’am, there’s something wrong. I’m so wrong in the News Division!” diretsong aniya. “Bakit hindi n’yo na lang ako in-assign bilang host ng *Entertainment Patrol*? I’m right for that job!”

“Yan nga rin ang suggestion ko but they were dearest on putting Carrie Reyes sa show na ‘yon,” paliwanag nito. “Sa ating dalawa na lang ‘to ha.” Nag-lean ito sa mesa saka bumulong, “Pamangkin kasi siya ng COO kaya malakas ang kapit. Kaya kahit gaano kita ipaglaban, wala akong magawa...”

“Ganoon po ba...” tanging nasabi niya na mas lalo pang nanlumo sa natuklasan. “Pero kanino po bang idea ang ilagay ako sa News Division? Okay na okay na naman po ako rito sa Entertainment, eh, bakit kailangan pa nila akong ilipat?”

“Sa totoo lang, hindi ko rin maintindihan ang mga nangyayari. It’s the management’s decision and I cannot question that,” kikit-balikat na nasabi ni Elda. “Pero bakit hindi mo rin bigyan ng chance ang sarili mo sa News Division? Malay mo doon ka pala nararapat, di ba?”

“Oh, I don’t think so, Ma’am,” kaagad niyang kontra. “Kilala ko ang sarili ko. Mas natural para sa akin na gawin ang mga light stuff tulad ng trabaho ko rito sa Entertainment Division. Masaya ako rito, Ma’am...”

“Kung may magagawa nga lang ako, hija, I would have kept you here pero wala talaga eh. I have to follow their orders...” sabi ni Elda habang pisil ang kanyang kamay. Nahihirapan rin kasi itong pakawalan ang isa sa pinakamaasahan sa pinamumunuan nitong division. “Just try to do your best sa News Division and maybe they’ll reward you later with the kind of job that you really want...”

Pagkarinig sa advice ng superior ay nagkaroon ng bagong perspective si Dana sa kanyang sitwasyon.

Mabuti pa nga siguro ‘yon na lang ang gawin ko tutal wala na naman akong choice eh...

“So how’s your day, Sweetie? Did you get the hosting job?” excited na tanong ni Iggy sa fiancée nang sunduin siya nito sa network station, matapos ang huli niyang paglabas bilang entertainment reporter sa evening news.

“I didn’t.” Hindi na itinago ni Dana ang kalungkutan habang umuupo sa tabi ng nobyo sa loob ng kotse.

Magtatatlong taon na rin ang kanilang

relasyon. Nagkakilala sila sa bar mismo na pag-aari ni Iggy kung saan sila nagpunta ng mga kaibigan isang gabi. Palibhasa napaka-attractive, napukaw niya kaagad ang atensyon ni Iggy na lumapit sa kanya sa dance floor at nakipagsayaw. From that moment on, hindi na siya nito nilubayan hanggang sa wakas ay makamit na nito ang kanyang matamis na “Oo”.

They were the perfect couple, pareho silang masayahin at carefree ang approach sa buhay. Kaya naman nang mag-propose itong magpakasal ay hindi na nagdalawang-isip pa si Dana dahil alam niyang ito ang taong nararapat para sa kanya.

“Don’t worry, Sweetie, baka may iba pa silang show na inilalaan para sa’yo...” pagpapagaan nito sa kanyang loob habang hinahalikan ang kamay niya.

“Saan? Sa News Division?!” sarkastiko niyang balik. Kahit gaano pa niya piliting tanggapin ang kanyang sitwasyon ay sadyang nahihirapan siya.

“What do you mean?” kunot-noong tanong ni Iggy habang sinisimulang paandarin ang

kotse.

“They transferred me sa News Division at simula bukas, doon na ako magtatrabaho,” nanlulumo niyang paalam. “Alam mo, iniisip ko pa lang ang mga mangyayari sa akin doon, nabo-bore na ako!”

Naputol ang pag-uusap ng dalawa nang biglang mag-ring ang cellphone ng dalaga. “O, Ate Mayet, what’s wrong? Bakit ka umiiyak?” bigla niyang pag-aalala nang marinig ang garalgal na tinig ng pinsan sa kabilang linya.

“Dana... ang ate mo at ang Kuya Sam mo... naaksidente sila sa Tagaytay!”

“W-what?! N-nasaan na sila ngayon? How are they doing?” natatarantang tanong niya na biglang napadiretso ng upo sa silya.

“They’re... They’re already gone, Dana...”

“Hijo, I’m sure you’re already aware that our News Division is not doing so well kaya ine-expect kong ikaw ang magre-resurrect ng ating glory days sa news broadcast. Gusto kong malaman mo na malaki ang tiwala ko sa iyong kakayahan. Use the experience you’ve acquired

from working in the States,” pag-e-encourage ni Don Jaime Montenegro sa anak habang sila ay nagdi-dinner nang gabing iyon.

Magbuhat nang lumapag sa airport ay dumiretso na kaagad ang twenty-eight-year-old na si Pierre sa network station na pag-aaring ama kung saan in-acquaint niya ang sarili sa mga taong makakasama at sa magiging trabaho roon. Kinagabihan ay sabay silang umuwi ng ama sa kanilang mansyon kung saan ito nagpahanda ng espesyal na dinner para sa kanya. “Don’t worry, I’ll try my best, Dad,” pangako niya, hindi maiwasang pasimpleng masdan ang stepmother at ang stepbrother na tahimik lamang sa kani-kanilang mga upuan.

Anak si Pierre ni Don Jaime sa dati nitong sekretarya na si Zeny na umiwan sa kanya noong six years old siya. Kinailangan kasi nitong pumunta sa States para pakasalan ang Amerikanong inireto rito na ang alam ay dalaga pa ito. Napilitan tuloy itong ibigay siya sa kanyang ama. Nangako naman si Zeny na babalikan siya pero ilang taon ang dumaan, ni tawag o sulat man lang ay wala siyang natanggap mula rito hanggang sa napagod na siya at tuluyang binitiwang ang pag-asang

babalikan pa siya ng ina.

Hindi naging madali ang kanyang buhay sa mansion. Kahit mabait ang ama at maganda ang pagtrato nito, naging mahirap para sa kanya ang pakikisama sa madrasta at sa stepbrother na ni minsan ay hindi siya nagustuhan. Kaya nang matapos niya ang high school sa *Ateneo* at inalok siya ng ama na mag-aral sa Amerika ay hindi na siya nagdalawang-isip. Pagkakataon na rin niya iyon na makahinga mula sa dalawa.

“Sweetheart, napalinis mo na ba sa mga katulong ang kuwarto ni Pierre?” tanong ni Don Jaime sa asawa.

“Uhhh... sorry, it slipped my mind. Kung gusto mo, Pierre, doon ka na muna sa guest room for tonight. Malinis naman ‘yon. At bukas na bukas rin, ipalilinis ko sa mga katulong ang kuwarto mo,” sabi ni Doña Melia na mabait lamang sa kanya kapag kaharap ang ama niya.

Alam naman ni Pierre na hindi talaga siya welcome sa tahananang iyon kaya hindi na niya gusto pang ipagsiksikan ang sarili. “Hindi na po bale, Tita, may tutuluyan na naman po akong townhouse na naipahanda ko na sa kaibigan kong si Amiel bago pa ako umuwi

rito. Doon na po ako didiretso pagkagaling dito,” paliwanag niya.

“Bakit naman kailangan ka pang tumira sa townhouse, eh napakalaki naman nitong bahay natin?” pagkontra ng kanyang ama.

“Malapit po kasi sa station ‘yung titirahan ko kaya mas convenient para sa akin,” rason niya.

“Hayaan mo nang magsarili si Pierre, Dad. He stayed for so long in the States so he already got used to living alone,” singit ni Anthony na hindi talaga nais na makasama siya sa loob ng iisang bubong.

Nakumbinsi na rin si Don Jaime na hinabilinan na lamang ang panganay. “Anthony, ikaw na ang bahalang gumabay sa kapatid mo sa adjustment niya sa network. Gusto kong magtulungan kayong magkapatid dahil balang araw sa inyo ko rin naman iiwan ang *GTV...*”

Pasimpleng binigyan siya ng matalim na tingin ni Anthony. “Makakaasa po kayo, Dad...” hilaw na pangako nito.

Hindi na makapaghintay si Pierre na matapos ang kanilang dinner para makaalis na siya sa lugar na iyon. *Nothing has really changed in this*

Waiting for Love by Therese Mendoza

place, pakiramdam ko, langaw pa rin ako na gusto nilang patayin, naisip niya habang pinipilit lunukin ang pagkaing isinubo.

2

“Tita Dana, sino na ang mag-aalaga sa amin ni Kier ngayong wala na sina Mommy at Daddy?” nag-aalalang tanong ni Meg habang binibihisan niya ito para sa pagpunta sa *Loyola Memorial Chapel* kung saan nakaburol ang mga labi nina Amy at Sam.

“Ako... Ako ang mag-aalaga sa inyo,” sagot ni Dana na nilalabanan lamang ang luha. Ayaw niya kasing ipakita sa mga pamangkin na naiiyak siya dahil baka lalo lamang iyong makaapekto sa mga ito. “Gusto n’yo ba ‘yon?”

“Opo, gusto po namin ‘yon,” sagot ng batang babae na kahit paano ay nagagawa na ring ngumiti.

“Liar si Daddy. Sabi niya, pagbalik nila ni Mommy, may baby brother or baby sister na kami ni Ate Meg,” ani Kier na hindi pa lubusang naiintindihan ang nangyari sa mga magulang.

“No, Daddy is not a liar, Kier! Gusto naman nila bumalik ni Mommy but they can’t!” pagtatanggol ni Meg sa ama.

“But why?!” tanong ng limang taong gulang

na batang lalaki.

“Because they’re already dead!” Hindi na napigilan ni Meg ang maiyak at mapayakap sa tita nito.

Naiyak na rin si Kier at napayakap rin sa kanya. And as she tried her best to comfort them, she was trying to comfort herself as well. Si Amy na lang ang natitirang kapamilya niya sa mundo at pati ito kinuha pa rin sa kanya.

Oh God, help us all to understand this please...

“Uhm... good morning. Sorry I’m late...” nahihiyang sambit ni Dana pagpasok sa conference room kung saan naka-gather na ang mga miyembro ng News Division. 10 am pa lamang ay dapat naroroon na siya para sa first ever meeting nila with their team leader Pierre Montenegro, pero dahil dinala pa niya ang mga pamangkin sa *Loyola Memorial Chapels* sa Parañaque ay alas onse na nang makarating siya sa network station na nasa Quezon City pa.

“You are?” tanong sa kanya ni Pierre na na-interrupt sa kanina nitong ipinaliliwanag sa

mga subordinates.

“I’m Dana Gonzales,” napalunok niyang tugon na naiilang na sa mga tinging nakukuha mula sa mga kasamahan.

“So ikaw pala si Dana Gonzales. I understand you came from the Entertainment Division, tama ba ako?”

Pakiramdam ng dalaga ay balik na naman siya sa kolehiyo at kaharap ang terror niyang professor. Ganoon ang dating sa kanya ni Pierre noong mga sandaling iyon. “Yes, Sir, tama po kayo...”

“Ganito ka rin ba sa Entertainment Division, one hour late kung dumating sa meeting?” tanong pa nito in that intimidating tone.

“Sorry po, Sir, kasi po I... I—” Hindi niya malaman kung paano ba ipapaliwanag ang sitwasyon.

“Kasi you woke up late after partying all night long, or maybe it took you so long to find a dress to wear this morning and to do your makeup. Tama ba ako?” putol nito sa kanya.

Napatungo na lamang si Dana habang nanlalabo ang paningin dahil sa pangingilid ng

luha. After what she had been through with her sister's and her brother-in-law's death, she definitely did not deserve that kind of humiliation. Pero imbes na ipaliwanag ang kalagayan, pinili niyang itago na lamang iyon sa sarili sa takot na tuluyang bumigay siya sa harap ng mga kasamahan.

“I’m sorry, Sir, this won’t happen again...” ang sinabi na lamang niya.

Tinigilan na rin siya ni Pierre at ibinigay ang kanyang assignment na maghanap ng balita sa mga police stations. Kahit hindi siya thrilled sa trabahong ibinigay sa kanya, mas nanaisin niya pang gawin iyon kesa tumagal kasama ito sa loob ng silid na iyon.

“Okay ka lang ba, Dana?” nag-aalalang tanong ni Eula na kaagad lumapit sa kanya nang palabasin na sila ni Pierre.

“Okay lang,” matipid niyang tugon habang naglalakad sa hallway.

“Ikaw naman kasi, bakit ka ba na-late? Hindi ba nasabi na naman sa atin kahapon that we need to be here by 10 am sharp for the meeting?”

“My sister and my brother-in-law died yesterday, inasikaso ko pa ‘yung burol nila at ‘yung mga pamangkin ko kaya na-late ako ng dating,” nagawa na rin niyang ipaliwanag sa kaibigan.

“Ha? I’m so sorry, Dana...” labis namang ikinabigla nito. “Dapat sinabi mo ‘yan kay Sir Pierre kanina para na-excuse ka niya ngayon...”

“Sa tingin mo ba, ‘yon ang tipo ng tao na kayang umintindi ng ganitong sitwasyon? That guy is clearly a professional; work comes first before anything for him,” pagbasa niya kaagad sa karakter nito.

“But you can try. Ibang klase naman ang sitwasyon mo...”

“No, Eula, I’ve been humiliated enough already a while ago. I won’t dare try explaining myself to him anymore,” desidido nang sabi ni Dana. “Sige, I’ll go ahead at baka masabon na naman ako n’on kapag wala akong naiharap na balita sa kanya,” paalam niya.

“Yes, Ma’am, ano po’ng maipaglilingkod namin sa inyo?” Ibinigay ng pulis ng buong

atensyon kay Dana nang pumasok siya sa loob ng istasyon.

“Uhm... I’m Dana Gonzales from *GTV Network*, nandito po ako para mag-cover ng mga latest police reports...” pagi-inform niya rito.

“Dana Gonzales, hindi ba ikaw ‘yung nagbabalita ng mga tungkol sa showbiz?” namamanghang pagkilala ng pulis sa kanya. “Lalo ka palang maganda sa personal...”

“Naku, bolero ho pala kayo, Sir! Ano po ba’ng pangalan ninyo?” tanong niya na hindi naman sineryoso ang mga sinabi nito.

“Randy po, Ma’am,” eager na sagot ng bagitong pulis.

“Sir Randy, baka po may kaganapan kayo d’yan na puwede nating maibalita?” tanong niya.

“Naku, Ma’am, walang nangyayari rito magbuhat pa kaninang umaga. Kung ako sa’yo maghintay ka na lang muna d’yan, malay mo mayamaya, may mangyari na puwede mong mai-report,” suggestion nito.

Sa kanyang pag-upo sa bakanteng upuan sa

may gilid ng istasyon, she began to miss her old job.

Dati mga stars at celebrities ang mga hinahabol ko, ngayon mga kriminal na! Ano bang klaseng buhay 'to?

“O akala ko ba masaya ka na sa Amerika? Bakit ka pa umuwi dito sa Pilipinas?” naintrigang tanong ni Amiel nang bisitahin nito ang kaibigan sa tinutuluyan nitong townhouse sa Quezon City.

“Nakiusap si Daddy eh, tulungan ko raw siyang i-resurrect ang glory days sa news broadcast ng GTV. Makakatangi ba ako d'on?” paliwanag ni Pierre habang binubuksan ang maleta sa ibabaw ng kama.

“Paano na si Amber? Buti, pumayag siya na umuwi ka rito.”

“Wala na kami,” imporma niya habang inilalabas ang mga laman ng maleta na pawang mga libro.

Labis namang ikinabigla ni Amiel ang nalaman at napatayo pa mula sa kinauupuan nitong swivel chair at napalipat sa kanyang

harapan sa kama. “Ha?! Kelan pa?”

“Six months ago, she broke up with me after I proposed to her. Hindi pa raw siya handa to get married and wants to explore her life.”

“Gaano katagal ba exactly ang naging relationship ninyo?”

“Three years rin,” tugon niya.

Nakilala niya si Amber na isa ring Filipina na lumaki sa New York sa pinagtrabahuhang network roon kung saan ito writer. They hit it off instantly and for a long time, they thought their relationship was perfect until it crumbled when he proposed.

“She threw away three years dahil nag-propose ka sa kanya?! Ang mga babae talaga, napakahirap intindihin. Sala sa init, sala sa lamig!”

“Umamin siya na na-bore na siya sa relationship namin. Naging routine na raw ang lahat. Hindi raw ako ang lalaking nararapat para sa kanya at hindi raw siya ang babaeng nararapat para sa akin, kaya mabuti pang maghiwalay na lang raw kami...”

“Did you ever try to win her back?”

“I did... but it became too painful when she just kept on rejecting me. Para bang pakiramdam ko, bumabalik na naman ako sa panahon na iniwan ako ng Mommy ko kay Daddy para magpakasal sa ibang lalaki. That feeling of rejection, of being unwanted. It got stuck to me and it had been so hard to deal with, so painful... kaya habang may natitira pa akong paggalang at pagpapahalaga sa sarili ko, itinigil ko na ang panunuyo kay Amber. I had to save my heart...”

Matinding pagkaawa ang nadarama ni Amiel para sa kaibigan na noon pa mang elementary days nila sa *Ateneo* ay puro sama ng loob na ang dinaranas sa buhay. Bukod sa idinulot ng tunay niyang ina, naging masakit rin para sa kanya ang rejection at pang-aapi na sinapit sa kamay ng madrasta at half-brother. Hindi man masyadong magsalita, batid ng kaibigan ang matinding kalungkutan niya. And now that he’s fully grown up, hindi pa rin nagbabago ang kanyang kapalaran, pati na rin ang babaeng buong puso niyang minahal ay nagawa pa siyang tanggihan at layuan.

“Bakit hindi mo na lang rin gayahin si Amber? You explore life. Go out, get to know

other women. Malay mo, mahanap mo na rin ang babaeng tunay na magmamahal at magpapahalaga sa'yo," suhestiyon nito.

Pero hindi magawang makibahagi ni Pierre sa optimism nito. Matapos ang mapapait na pinagdaanan ay tuluyan na ring naglaho ang kanyang natitirang pag-asa na mahahanap pa ang babaeng tinutukoy nito. "I don't know about that, I think I'd rather concentrate at my work. It's the only thing in my life that never disappoints me..."

Kahit halos wala pang tulog mula sa paglalamay sa burol ng kapatid at bayaw, sinigurado ni Dana na nasa network na siya para sa 9 am meeting nila kasama si Pierre. Dala ang nakalap na balita mula sa police station, confident siyang humarap sa kanilang pinuno na down to business kaagad pagpasok pa lamang sa conference room.

"Okay. So what do you have for us, Miss Gonzales?" seryosong tanong nito na para na namang isang propesor na nagpa-panel sa kanyang thesis defense.

“Sir, mayroon pong isang bugbog-saradong misis na sumugod sa presinto kagabi mga alas otso para ireklamo ang mister niyang nanakit sa kanya...” paghahain niya ng nakuhang balita.

“Weren’t you watching the news of the rival network last night? Nai-report na nila ‘yang nakuha mong balita,” napasimangot na sabi nito na umagang-umaga pa lamang ay sira na kaagad ang araw.

“Sorry, Sir, I didn’t know...” napayuko na lamang na sabi ni Dana. Pakiramdam niya ay parang gusto na naman niyang lamunin siya ng lupa. *Ang aga-aga, masasabon na naman ako kaagad ng mabagsik na ‘to!*

“You didn’t know?!” ang napapailing na ulit nito. “Siguro sa *Lifestyle Channel* ka na naman nakababad kaya hindi mo namo-monitor ang mga balita. May I remind you that you are now working in the News Division, so you’d better get yourself acquainted with the current events. Kalimutan mo na ‘yang mga chismis na dati mong ibinabalita!”

Hindi na nakapagpigil si Eula na nakaupo sa tabi niya. “Sir, the reason why Dana could

not monitor the news is—” naputol ang pagpapaliwanag nito nang maramdaman ang pisil niya sa hita nito, hudyat ng pagpapatahimik.

“Sir, huwag po kayong mag-alala, I’ll work harder to find better news,” pagsingit kaagad niya.

“Okay. Start looking for it,” pagbibigay sa kanya ng permiso ni Pierre na lumabas at muling kumalap ng balita sa police stations.

Sa kanyang paglabas mula sa conference room ay halos hilahin na niya ang mga paa sa paglakad. Dala ng pagod, pagkababa ng morale at kalungkutan mula sa pagpanaw ng mga mahal sa buhay, Dana was at the lowest point of her life.

Will I ever be able to get out of this?

3

“Kids, what do you wanna eat?” tanong ni Dana sa mga pamangkin nang gabing iyon matapos maihatid sa huling hantungan sina Amy at Sam. Binitiwang na niya ang condominium unit na inuupahan at lumipat sa tahanan ng nasirang kapatid at bayaw para masamahan ang mga pamangkin.

Umiling lamang ang magkapatid na tulalang nakatuon ang mga mata sa cartoons na ipinalalabas sa telebisyon. Pakiramdam ni Dana ay dinudurog ang kanyang puso habang nakikita ang kalungkutan ng mga ito. *Napakabata pa nila, why do they have to suffer this much pain?*

“Tita, is it true what Tita Mayet said that Mommy and Daddy are now in heaven?” inosenteng tanong ni Kier nang umupo siya sa pagitan ng magkapatid.

“It’s true, Kier, your mom and dad are now in heaven,” tugon niya.

“Can we visit them in heaven?” umaasang tanong muli ng batang lalaki.

“No, we can’t. ’Cause if we do, we’ll also have to die,” sagot ni Meg na siyang mas nakadarama ng pagkawala ng mga magulang.

Sadyang nahihirapan si Dana sa paghandle sa sitwasyong iyon ng mga pamangkin. She had never been a parent and never had the maternal instincts which just comes naturally to some women. Pakiramdam niya ay para pa rin siyang isang bata kaya hindi niya malaman kung paano ba haharapin ang napakalaking pagsubok ng pagpapalaki sa mga pamangkin.

Sa master’s bedroom natulog si Dana sa gitna ng dalawang pamangkin na sumiksik sa kanya dahil hindi raw makatulog ang mga ito sa kanilang kuwarto. Naalipungatan siya nang marinig ang pagtunog ng kanyang cellphone na nakapikit pa niyang inabot mula sa night table.

“Hello, Miss Dana. Si Randy ‘to,” pagpapakilala ng tumawag.

Napaupong bigla sa gitna ng kama ang dalaga. “O Sir Randy, napatawag ka. May balita ba tayo d’yan?”

“Merong hostage drama sa may squatter’s area sa Tondo, papunta na kami roon ngayon,” inporma nito.

“Okay, salamat po. Papunta na rin po ako,” balik niya sabay dali-daling bumangon mula sa kama.

“Tita, saan ka pupunta?” tanong ni Meg na nagising na rin.

“Tita, has to work,” tugon niya na natataranta na at hindi malaman kung ano ang unang gagawin. “Don’t worry, Yaya will take care of you,” pangako niya rito habang inilalabas sa maleta ang unang damit na nakita. Dahil sa pagkaabala ay hindi pa niya nagagawang ayusin ang mga damit at iba pang gamit. Pawang nasa maleta pa iyon at mga kahon.

Habang nagsisipilyo sa lababo sa loob ng banyo, she felt her heart pumping wildly inside of her. *Sa bigat nitong balita ko, ewan ko lang kung hindi ka pa masiyahan, Pierre Montenegro!*

“Oh, where’s Miss Gonzales again? Has she quit already?” antipatikong tanong ni Pierre nang hindi makita si Dana sa loob ng

conference room para sa daily gathering ng mga miyembro ng News Division to pitch in their news.

“Sir, Dana called me up, pasensya na raw po at hindi siya makakarating ngayon. Dumiretso po kasi siya sa squatter’s area sa Tondo, may hostage drama po kasing nagaganap roon ngayon,” paliwanag kaagad ni Eula na nais na ibangon ang imahe ng kaibigan sa mga mata ng kanilang pinuno.

“Hostage drama?” Napukaw ang interes ni Pierre at nakalimutan ang kaninang pagkairita sa pinag-iinitang miyembro. “Nandoon na ba siya sa scene ngayon?”

“I’ll ask her Sir,” sagot ni Eula na kaagad hinanap ang pangalan ng kaibigan sa phonebook ng cellphone.

Hindi na nagawang maligo pa ni Dana dahil sa pagmamadaling makarating sa lugar kung saan nagaganap ang hostage drama. “Heto po, Manong,” pagbabayad niya sa driver ng sinakyang taxi na hindi pa man tuluyang humihinto ay nabuksan na kaagad niya ang

pinto.

“Kuya Romy!” tawag niya sa cameraman na inabisuhan niya kanina na pumunta roon. “Ano na po’ng nangyayari?”

“Ayan, hindi pa rin binibitiwan ng lalaki ang anak niya,” lahad nito habang isine-set-up ang camera.

Sa gitna ng kanilang pag-uusap sa mga naganap ay biglang nag-ring ang cellphone ni Dana. “Yes, Eula, nandito na ako ngayon sa scene...” paalam niya kaagad hindi pa man ito nakakapag-hello.

“Dana, this is Pierre,” pagpapakilala ng nasa kabilang linya.

“Uhm... Sir, good morning po.” Biglang naging pormal ang kanyang tinig.

“Good morning,” ang matipid nitong balik na kaagad dumako sa pakay. “Ano ba ang sitwasyon d’yan?”

“Sir, mayroon pong isang lalaking bangag sa droga na nang-hostage sa kanyang limang taong gulang na anak na babae dahil hindi siya binigyan ng kanyang asawa ng pera. Hanggang ngayon po ay hindi pa rin niya binibitiwan ang

anak...” paglalahad niya.

“May ibang networks na bang nagco-cover d’yan ngayon?”

“Wala pa po, tayo pa lang po ang naririto,” tugon ni Dana matapos luminga-linga sa paligid.

“Good,” pleased na nasabi ni Pierre na noon lamang niya naringgan ng satisfaction sa tinig. “Okay, here’s what I want you to do. Gather your details and in five minutes, I want you to go on air. Can you do it?”

“Yes Sir,” pigil-hiningang sagot niya sabay paalam at sinimulan na ang pinagagawa nito.

Kahit napaka-unglamorous at highly-stressful ng trabaho ng dalaga sa News Division, noong araw na iyon, nagawa niya itong makita in a different light. She felt the satisfaction in doing something that has greater significance in the society.

Ito na ba ang simula ng appreciation ko for the news?